# 多言語情報コーナー　　（令和７年１０月号）

## 1. Tungkol sa Demonstration sa Sistemang Pagpapakita ng My Number's Card sa Panahon ng Emergency.

Ang "My Number Emergency" ay isang sistema na nagpapahintulot sa mga emergency personnel na ma-access ang medikal na impormasyon ng mga naaksidente o may sakit na mga tao gamit ang kanilang My Number na health insurance card (My Number card na nakarehistro para magamit bilang health insurance card).
Magsisimula ang demonstration sa sistemang ito para sa My Number Emergency sa buong bansa sa umpisa ng Oktubre.
Sa pamamagitan lamang ng pagpapakita ng My Number 's Card sa mga kawani ng emerhensiya, maaari nang maibigay sa kanila ang impormasyon tungkol sa medical history, mga naireseta ng gamot at mga rekord ng pagbisita sa mga pagamutan. Binabawasan nito ang pasanin sa mga nasugatan o may sakit upang ipaliwanag ang kanilang sitwasyon na nagpapahintulot sa kanila na makatanggap ng mas angkop na pagbibigay lunas.
Para magamit ang My Number Emergency, dapat ay may taglay na My Number's card at nakumpleto na ang pagpapaparehistro para rito kapalit ng health insurance card.
Kakailanganin pa rin ang verbal consent kung ipapakita ang My Number's Card sa emergency medical staffs para makita nila ang medikal na impormasyon.
Ang demonstration project period ay tatakbo hanggang Marso 31, 2026.
Mangyaring dalhin ang My Number card kung baka sakaling magkaroon ng emergency.

## 2. Bahagyang Subsidya sa Pagbabakuna para sa COVID-19 at Flu para sa mga Matatanda at Bata.

Sa umpisa ng Oktubre, ang mga may rehistradong residente sa Tochigi City na may 65 taong gulang o mas matanda pa sa panahon ng pagbabakuna at ang mga may 60 hanggang 65 taong gulang sa panahaon ng pagbabakuna at nasa ilalim ng medikasyon ay magiging karapat-dapat para sa subsidy na 3,500 yen para sa pagbabakuna sa flu at 12,000 yen naman para sa COVID 19 sa mga katuwang na mga pagamutan ng lungsod. Gayunpaman, ang mga pagbabakuna ay hindi ganap na libre at magkakaroon pa rin ng bahagyang bayarin.

Mangyaring bayaran ang pagbabakuna bawas ang halaga ng subsidya sa pupuntahang pagamutan. Ang halaga ng babayaran ay mag-iiba depende sa institusyong medikal.

Ang panahon ay hanggang sa ika-31 ng Marso ng taong 2026.

Bilang karagdagan, para sa mga nakarehistro na residente sa Tochigi City na mga sanggol na 6 na buwan gulang hanggang sa mga mag-aaral ng 3rd year ng Junior High School ay makaka-avail ng halagang 2,500 yen na subsidiya para sa isang beses na pagpapabakuna laban sa flu mula sa umpisa ng Oktubre hanggang sa ika-28 ng Pebrero ng taong 2026 sa mga katuwang na mga pagamutan sa lungsod. Ang mga 6 na buwang sanggol hanggang sa mga batang pre-schoolers ay maaaring mabigyan ng 2 beses na subsidiya samantalang ang mga batang nasa grade 1 hanggang sa mga mag-aaral ng 3rd year Junior High School ay mabibigyan lamang ng 1 beses na subsidiya. Kahit ang mga batang magpapabakuna para sa Flu ay kailangan pa ring magbayad. Bayaran ang halaga pagkatapos maibawas ang subsiya sa mga pagamutan ng lungsod. Maaaring mag-iba ang halaga ng bayarin depende sa pinuntahang pagamutan.

Para sa mga pamilyang nasa welfare assistance, makukuha nila ang sariling

ibinayad kapag nag-apply ng refund nito pagkatapos ng pagpapabakuna.

### 3. Tungkol sa Pagsasagawa ng ika-14 na Utamaru Festival.

Ang Lungsod ng Tochigi ay kilala sa mundo bilang isang lugar na nauugnay sa tanyag na ukiyo-e artist na si Kitagawa Utamaro, na sinasabing nanatili sa Lungsod ng Tochigi at nagpinta ng kanyang mga gawang sining noong panahon ng Edo.
Mula ika-11 hanggang ika-19 ng Oktubre, gaganapin ang festival na may kaugnayan kay Kitagawa Utamaro sa downtown area na nakatuon sa paligid ng Kuramachi Odori Street.
Ang pangunahing event ay ang "Utamaro Dochu," na gaganapin sa ilog ng Uzumagawa sa Yamatocho mula 1:30 ng hapon Sabado, ika-18 ng Oktubre. Magbabalik tanaw sa panahon ng Edo, noong si Utamaro ay aktibo pa at muling bubuhayin ng mga kalahok na pinili sa pamamagitan ng mga pampublikong audition na gumanap sa mga papel ng Edo-period characters tulad ni Oiran at iba pa na maglalakbay sa Uzumagawa River sakay ng maliliit na bangka.
Ito ay isang kaganapan na makikita lamang sa Lungsod ng Tochigi kaya tiyaking makapunta at masaksihan ito.